*At kung ang aking bayan na tinatawag sa pamamagitan ng aking pangalan ay magpakumbaba at manalangin, at hanapin ako at tumalikod sa kanilang masasamang lakad; akin silang papakinggan mula sa langit, at patatawarin ko ang kanilang kasalanan at pagagalingin ang kanilang lupain. 2 Cronica 7:14*

# COVENANT PRAYER

## FOR A COVID-FREE PHILIPPINES

Ama, sa pamamagitan ng Panginoong Jesus, ang Inyong bugtong na Anak - ako po ay lumalapit upang makipagtipan sa Inyo sa kapakanan ko, ng aking pamilya, ng aming bayan o siyudad, ng aming probinsya, at ng buong bansang Pilipinas.

Akin pong hinihiling sa Inyo na ialis sa lupain ng Pilipinas ang namiminsalang coronavirus at lahat ng variants nito.

Ako po ay humahawak sa Inyong pangako sa amin na mga tagasunod ninyo sa 2 Cronica 7:14 na Inyong pagagalingin ang aming bansa sa anumang uri ng salot - at ngayon nga po ay ang coronavirus.

Akin pong ipinapangako na aking buong katapatang susundin ang aking bahagi sa tipanang ito:

- Ang magpakumbaba sa Inyong paningin
- Ang patuloy na pagdalangin sa Inyo
- Ang pagtuklas sa Inyong kalooban sa pamamagitan ng pagbabasa ng Banal na Kasulatan - at lubos na pagsunod dito
- At ang pag-iwan sa lahat ng uri ng kasalanan

Alam kong ang lahat ng pangakong ito ay aking masusunod sa tulong ng biyaya ng Diyos.

Nanunumpa sa harap ng Banal na Espiritu,

______________________________

[ PANGALAN / PETSA ]